RELEASED
DATE: 05 DEC 2016
DepED

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 455, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas Na Paaralan
Punungguro ng Mababang Paaralan
Mga Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **UNANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO**

Petsa: Disyembre 5, 2016

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng **UNANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO** para sa mga guro na nagtuturo ng Filipino mula Baitang 1-12 ngayong darating na Mayo 3-5, 2017 sa Katipunan Central School.

2. Ang Gawaing Kapulungan na ito ay naglalayong:
   a. napagyaman at nalinang ang pagtuturo ng Filipino bilang tugon sa pagbabago;
   b. natugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino at mga kakulangan;
   c. natalakay ang intelektuwalisasyon ng Filipino bilang wikang Pambansa;
   d. naipakita ang pagkamalikhain ng guro sa mga gawaing pangklasrum;
   e. nailahad ang kaugnayan ng pamantayang nilalaman at pagganap; at
   f. nasilayan ang mga talent ng mga guro sa Filipino.

3. Ang palihan na ito ay bukas para sa lahat na guro na nagtuturo ng Filipino, Tagapayo ng Pampaaralang Pahayagan at Koordineytor sa Filipino. Walang butaw (*registration fee)* ang gawain na ito. Ang mga kalahok ay magdala ng sariling meryenda at pananghalian. Kung may mga matutulog sa paaralan ay dapat makipag-ugnayan sa punungguro na si Gng. Raisa R. Intic sa cp # **09309414545.**

4. Ang sinumang makasali ng magkasunod-sunod na tatlong taon ng Gawaing Kapulungan ay pagkalooban ng PANSANGAY NA SIGASIG AWARD.

5. May tatlong bahagi ang gawain na ito:
   a. Ekshibit ng mga Kagamitang Pampagtuturo
   b. Festival Ng Mga Kakayahan (**FesKa)** program
   c. Pakikipanayam ng mga kalahok mula sa KASUGUFIL – Baguio City

6. Sa ekshibit ng mga kagamitang pampagtuturo – ang mga kalahok ay magdala ng pinakamagaling/pinakaepektibong kagamitang pampagtuturo na sariling gawa at ginamit niya sa pagtuturo. Dapat may nakahandang *brochure/pamphlet* na magpaliwang sa paraan ng paggamit at bisa ng kagamitan. May paligsahan sa pinakamabisang kagamitan at ang panalo ay handugan ng sertipiko ng parangal.

7. Ang bawat kalahok ay inaatasan ding magdala ng bagong USB o laptop para makakuha ng *soft copy* ng mga panayam, workbook at iba pa.

8. Para naman sa FesKa, may pitong kategorya ng patimpalak. Ito ay ang sumusunod:
   A) **OPM**
   B) **Rap** (binubuo ng tatlong kalahok)
   C) **Folk Dance** (6-10 kalahok)
   D) **Balitaw**
      a) binubuo ng isang babae at isang lalaki b) puwede ang minus one o gitara
   E) **Balagtasan**
      a) Sariling piyesa b) binubuo ng tatlong kalahok
   F) **Tula**
      a) Sariling piyesa b) binubuo ng 6-8 saknong c)maglaan ng kopya sa hurado
   G) **Masining na Pagkukuwento**
      a. Lima-pitong minutong pagkukuwento b) maglaan ng kopya para sa hurado

9. Ang Feska ay isasagawa sa pangatlong araw ng palihan. Bawat kongresyunal na distrito ay may isang kalahok mula sa Elementarya at isang kalahok mula sa Sekundarya para sa lahat na kategorya ng patimpalak.

10. Ang pamasahe ng kalahok papunta at pabalik sa lugar na pinanggalingan at iba pang gastusin sa naturang gawain ay sariling gastos ng mga kalahok.

11. Ang mga kalahok at mga guro ng Katipunan Central School *(host school)* ay pagkalooban ng tatlong araw na *service credit* dahil nataon sa *summer time* ang palihan.

12. Ang mga pamantayan sa paghahatol ay kalakip ng Memorandum na ito.

13. Ang *materials and supplies, trophy,medals, certificate holders, honorarium for the judges, tarpulin* at iba pang gastusin ay kukunin mula sa pondo ng Sangay.

14. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. _455_, serye 2016

**PAMANTAYAN SA PAGHATOL NG MGA KATEGORYA SA PATIMPALAK**
**UNANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO**

**A) OPM**

1. Sining (teknik) sa pag-awit --------- **45%**
   - a. uri/kalidad ng boses ----- 15%
   - b. kumpas ---------------------10%
   - c.paraan sa pagpaphayag -10%
   - d. proheksyon/ungos --------10%
2. Interpretasyon- - - - - - - - - - - - - - - **-35%**
3. Pantanghalang kilos/galaw - - - - - - **20%**

**B) Rap**

1. Kalidad ng boses/Tono at tayming – **50%**
2. Nilalaman/Mensahe ng kanta **- 30%**
3. Kilos,galaw at dating sa Entablado **–20%**

C) **Folk Dance**

1. Kilos at galaw sa entablado - **40%**
2. Koryograpi **- 30%**
3. Konsepto **- 20%**
4. Kasuotan **- 10%**

D) **Balitaw**

1. Mastery(clarity of the lyrics and proper execution) **- 30%**
2. Stage presence/performance - --- - **-25%**
3. Costume ----------------------------------**20%**
4. Projection/Expression ----------------- **25%**

E) **Balagtasan**

1. Pagbigkas - - - - - - - - - - - - - - - - - - **50%**
   - a. Lakas ------------ 25%
   - b. Tono - - - - - - - - 25%
2. Paggalaw/Kumpas ng Kamay --------- **20%**
3. Ekspresyon ng mukha - - - - - - - - - - **-10%**
4. Kasanayan sa Piyesa - - - - - - - - - - - **-20%**

**F) Tula**

1. Perpormans - - **-50%**
(kaalaman,kahandaan,kasanayan sa piyesa)
2. Kahusayan sa pagbigkas, kaangkupan ng ekspresyon ng mukha, kilos,galaw,kumpas ng kamay, tikas, tindig - - - - - **50%**

**G) Masining Na Pagkukuwento**

1. Pagpili ng kuwento - - - 10%
2. Pagsasalita - - - - - - - - - 15%
3. Interpretasyon - - - - - - - 40%
4. Kakayahan sa pagkuwento-30%
5. Kasuotan - - - - - - - - - - - - 5%